Republic of the Philippines
Department of Education
Region I
Office of the Regional Director

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. 1
RELEASED
006869
By: Date: 5/21/21

PANREHIYONG MEMORANDUM
Blg. 477, s. 2021

WEBINAR NG ORTOGRAPIYANG PAMBANSA AT MASINOP NA PAGSULAT PARA SA MGA EDITOR SA FILIPINO

Para sa: Mga Tagapamanihala ng Pansangay

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pakikipag-ugnayan sa Punong Tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon ay magsasagawa ng isang araw na libreng Webinar ng Ortograpiyang Pambansa at Masinop na Pagsulat Para sa mga Editor sa Hunyo 23, 2021, mula ikawalo (8:00) ng umaga hanggang ikaapat (4:00) ng hapon sa pamamagitan ng *Google Apps.*

2. Kalakip dito ang pangalan ng mga inaasahang dadalo ng webinar mula sa rehiyon kasama ang Memorandum na nagmula sa Punong Tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon para sa karagdagang impormasyon.

3. Para sa kabatiran at malawakang pagpapalaganap.

Para sa Direktor ng Rehiyon:

RONALD B. CASTILLO
OIC, Tanggapan ng Kawaksing Direktor
ng Rehiyon

Encl.: DM-OUCI-2021-134
Reference: DM-OUCI-2021-134
To be included in the Perpetual Index
Under the following subjects:

EDITOR SA FILIPINO
ORTOGRAPIYANG PAMBANSA

CLMD/azs/jed/RM_OrtograpiyangPambansa
May 20, 2021

Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telephone Number: (072) 607-8137 / 682-2324
Email Address: region1@deped.gov.ph | Website: www.depedro1.com

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. 1
MAY 04 2021
BY: TIME: 2:45

Republika ng Pilipinas

Kagawaran ng Edukasyon

Tanggapan ng Kawaksing Kalihim para sa Kurikulum at Instruksiyon

MEMORANDUM
DM-OUCI-2021-134

Documan ®
DepEd RO1
REC2105632

PARA SA MGA: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampublikong Paaralan

MULA KAY: **DIOSDADO M. SAN ANTONIO**
Kawaksing Kalihim, Kurikulum at Instruksiyon

PAKSA: **TUGON SA MEMORANDUM PANGKAGAWARAN BLG. 023 S. 2021: WEBINAR NG ORTOGRAPIYANG PAMBANSA AT MASINOP NA PAGSULAT PARA SA MGA EDITOR SA FILIPINO NG KWF**

Petsa: Abril 26, 2021

Ito ay bilang tugon sa inilabas na Memorandum Pangkagawaran Blg. 023 serye 2021 na pinamagatang ***"Webinar ng Ortograpiyang Pambansa at Masinop na Pagsulat Para sa mga Editor sa Filipino."*** Itinatakda sa Memorandum na ito ang proseso ng pagpapatala para sa nabanggit na webinar. Ito ay dahil sa limitadong bilang ng kalahok lamang ang maaaring tanggapin sa gawaing ito ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Narito ang proseso ng pagpapatala sa webinar:

1. Magtatakda Panrehiyong Tagamasid sa Filipino ng bilang ng mga kalahok alinsunod sa Annex A na kalakip ng memorandum na ito.
2. Pipiliin ang mga kalahok Pansangay na Tagamasid sa Filipino na tutugon sa sumusunod na kalipikasyon:
   - Naging at/o Kasalukuyang editor ng mga *Self Learning Module* ng kanilang rehiyon o sangay;
   - May sapat na kakayahang magsanay sa kanilang lokal para sa mga hindi makadadalo ng pambansang pagsasanay; at
   - Makatutulong sa lalong pagpapaunlad ng iba pang katulad na kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto ng Kagawaran.
3. Gagamitin ng Panrehiyong Tagamasid sa Filipino ang Annex B bilang paunang rehistrasyon na ipapasa sa BLD-TLD.
4. Sa BLD-TLD magmumula ang link para sa pinal na pagpapatala ng mga kalahok.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay **Gaudencio Luis N. Serrano,** Supervising Education Program Specialist ng BLD-TLD sa email na gaudencio.serrano@deped.gov.ph.

Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City 1600
Tel. No.: (02) 633-7202; (02) 687-4146 / Fax No.: (02) 631-4146
Email Address: diosdado.sanantonio@deped.gov.ph